JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7
## Nakasusulat ng Ulat / Balitang Pang- Isports/ Liham sa Editor/ Iskrip para sa Radio Broadcasting at Teleradyo



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat**: Divina D. Gallogo, Jovelyn B. Yosores
**Editor**: Ederlina T. Bongales
**Tagasuri**: Elenita S. Trumata
**Tagaguhit**: Divina D. Gallogo
**Tagapamahala**:
Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD, CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Josephine L. Tomboc, EdD – Education Program Supervisor - Filipino
Florencio R. Caballero, DTE – LRMDC Education Program Supervisor

# Aralin 1 Pagsusulat ng Ulat/Balitang Pang-Isports at Liham sa Editor



## Alamin

Kumusta na kaibigan? Narito kami , para samahan ka sa panibagong paglalakbay. Lilinangin natin sa paglalakbay na ito ang iyong kaalaman sa Pagsulat ng Ulat, Balitang Pang- Isports at Liham sa Editor. Handa ka na ba sa panibagong hamon?

Magaling! Alam kong handang-handa ka na.Pagkatapos ng ating paglalakbay, ikaw ay inaasahang: Makapagsulat ng Ulat, Balitang Pang-Isports at Liham sa Editor. ( F6PU-IVb-2.1;F6PU-IVc-2.11;F6PU-IVf- 2.3.)

May mga gawain kaming inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.




## Balikan

Noong nakaraang araw ay napag-aralan natin ang tungkol sa pagbuo ng mga tanong batay sa impormasyong inilahad sa isang graph.Pag-aralan ang graph na nasa ibaba at bumuo ng sampung mga tanong batay

sa impormasyong inilahad nito. Isulat ito sa iyong sagutang papel. Galingan mo!

| Intensity ng Lindol na Tumama sa Iba't- ibang Panig ng Kamindanaoan Ngayong Linggo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Intensity VII | | | | | |
| Intensity VI | | | | | |
| Intensity V | | | | | |
| Intensity IV | | | | | |
| | Tulunan Cotabato | General Santos | Lebak Sultan Kudarat | Tampakan South cotabato | Kidapawan City |



Mga tanong:


1.________________________
2 .________________________
3 .________________________
4. ________________________
5. ________________________
6. ________________________
7. ________________________
8. ________________________
9. ________________________
10. ________________________



## Tuklasin

> Kaibigan, bago mo pag-aralan ang nilalaman ng araling ito kailangan mo munang sagutin ang mga nakalaang pagsubok upang higit mong maunawaan ang nais ipabatid nito.

**Panuto**: Magtala ng 10 paraan kung paano nakakatulong ang mga bagay na nasa larawan sa ating pang araw- araw na pamumuhay?









1.________________________
2.________________________
3.________________________
4.________________________
5. ________________________
6.________________________
7. ________________________
8. ________________________
9. ________________________
10. ________________________



Anu-ano ang mga mahahalagang bagay na makukuha natin sa mga larawang ipinakita?

Tama!, tunay na kapaki pakinabang ang mga ito sa ating pang araw-araw na pamumuhay sapagkat nakakakuha tayo ng mahalagang impormasyon sa mga ulat o balita na inihatid nito.



## Suriin



Ano ang ulat?

**Ang Ulat** – ay tumutukoy sa isang sitwasyon o kilos kung saan ang indibidwal o grupo ng mga tao ay inihahatid ang isang balita o impormasyon mula sa pinanggalingan nito patungo sa dapat makatanggap ng balita o detalye. Maaari itong ipamahagi sa pamamaraang pasalita, pasulat o pampaningin. Ito ay nagtataglay ng mga katangian ng kawastuhan, katimbangan, makatarungan, makatutuhanan, kaiklian at napapanahon. Ang mga detalye nito ay nakaayos sa papabawas na kahalagahan o tinatawag nating baligtad na tagilo o piramide.

1.Pamatnubay(Lead)
Pinakimportanteng Detalye
2. Katawan
Importanteng Detalye
3. Iba pang detalye
di-gaanong importanteng detalye

A. **Pagsulat ng Ulat**



Ang mga impormasyon ay nailalahad sa pamamagitan ng mga ulat o balita. Sa pagsulat nito dapat maging malinaw ang misyon o mensahe. Magiging madali ang pagsulat nito kung susundin ang mga hakbang at mungkahing paraan na sumusunod:

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Ulat**

1. Isulat ng buod.
2. Itala ang mga pangyayari ayon sa pababa o paliit na kahalagahan.
3. Hanapin ang impormasyong itatampok sa pamatnubay. Unahin ang pinakatampok.
4. Isulat ang ulat ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pababang kahalagahan.

**Mungkahing Paraan sa Pagsulat ng Ulat**

1. Isulat kaagad ang ulat.
2. Bigyang diin at palawakin ang nangingibabaw na pangyayari
3. Huwag isulat ang lahat ng kasagutan sa mga tanong na Ano, Sino, Kailan, Bakit at Paano o sa isang pangugusap lamang o talata. Tandaang ang pangalawang talata ay pangalawang pamatnubay rin.
4. Maging tumpak.
5. Iwasan ang magbigay ng opinyon.
6. Ibigay ang buong pangalan ng taong awtoridad o pinagkunan ng datos at ang katungkulan. Sa muling pagbanggit sa kanya, gamitin lamang ang apelyido ng babae at lalaki o anumang titulong angkop.
7. Gawing maikli ang talata. Ayon sa pamantayan sa talataan ng ulat, sapat na ang isang pangungusap na talata, ngunit kung magdagdag man, hindi ito maaaring lumampas sa tatlong pangungusap.
8. Gawing pasalita ang bilang isa hanggang siyam at gawing tambilang ang 10 pataas. Ngunit kung ito ay nasa panimula ng pangungusap, isulat ang lahat ng tambilang pasalita.

**Halimbawa ng isang ulat :**

<table>
<tr><td>

**Pamatnubay 1 ( Lead)**

6.5 magnitude na lindol tumama uli sa Mindanao; Duterte ligtas sa Davao.

**Pamatnubay 2 (Lead)**

Manila, Philippines – Sa ikalawang pagkakataon ngayong linggo, isang malakas na lindol ang muling tumama sa kapuluan ng Mindanao, Huwebes ng umaga.

**Mahalagang Datos**

Bandang alas 9:11 a. m. ng umaga ng maitala ang magnitude na 6.5 na lindol 28 kilometro, hilagang silangan ng Tulunan , Cotabato.

Matatandaang tumama pa lang ang magnitude 6.6 na lindol sa parehong epicentre nitong Martes.

**Di - gaanong Mahalagang Datos**

Inaasahan ang mga pinsala at aftershocks dulot pagyanig ayon sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology.

Bagama't malakas ang pagtama nito sa ilang bahagi ng kapuluan, wala namang inaasahang tsunami na raragasa sa bansa.

</td></tr>
</table>

**B. Pagsulat ng Balitang Pang Isports**

Ang Balitang Isports

- Isang natatanging balita tungkol sa iba't-ibang uri ng laro na salig sa tuwirang balita at nasusulat sa pamaraang "action story"
- Paglalarawan ng aksyon, reaksyon at emosyon ng manlalaro, tagasanay at maging ang mga manonood
- Ang sports writer ay dapat maalam sa lenggwahe o katawagan sa isports (sports lingo/language) upang siya ay kapani-paniwala sa kanyang isinusulat.

**Mga halimabawa:**

Nagwagi-namituin, bumandila, namayani, nanguna
Natalo – nagapi, pinadapa, nasahig
Tinalo – ginapi, minarder, pinulbos, dinurog, pinaluhod, pinadapa (kung malaki ang lamang), tinalbugan, inungusan, linamangan (kung maliit lamang)

**Tatlong Bahagi ng Pagsulat ng Balitang Pang-Isports**

1. PAMATNUBAY - Pinakimportanteng Detalye
2. KATAWAN - Importanteng Detalye
3. Iba pang detalye

1. Pamatnubay
    - Kahalagahan ng laro
    - Koponang naglalaban
    - Natatanging laro
    - Iskor o kinalabasan
    - Pook na pinagdausan
    - Araw ng pagdaos

**Halimbawa ng Balitang Isports**

Malakas na boltahe ang inilatag ng Meralco Bolts sa huling sandali ng laro upang masungkit ang 109-106 desisyon kontra Columbian Dyip para sa pambuena manong panalo nito sa Phillipine Basketball Association Season 43 Governor's Cup kagabi sa Ynares Sports Center sa Antipolo.

- Kahalagahan ng laro - Malakas na boltahe
- Koponang naglalaban - Meralco Bolts at Columbian Dyip
- Natatanging laro - Pambuena manong panalo nito sa Phillipine Basketball Association Season 43 Governor's Cup
- Iskor o kinalabasan - 109-106
- Pook na pinagdausan- Ynares Sports Center sa Antipolo
- Araw ng pagdaos - kagabi

2. Katawan ( Detalye)
    - pagkasunod-sunod ng laro
    - Nakapupukaw-damdaming bahagi ng laro
    - Sariling kagalingan ng manlalaro
    - Bilang ng mga manonood
    - Kilos o kaasalan ng mga manonood
    - Kalagayan ng panahon
    - Tanyag o kilalang tao na nanood sa laro
    - Mga kapana-panabik na bahagi ng laro
    - Mga di-pangkaraniwang pangyayari
    - Estadistika at iba pang detalye
    - Iskor ng bawat set at quarter at iba pa

3. Wakas
    - Panayam
    - Background
    - Laro sa hinaharap

**C. Pagsusulat ng Liham sa Editor**

Ang pagsulat sa isang editor ay isang mahusay na paraan upang maimpluwensyahan ang publiko sa isang isyu na interes sa iyo. Tila hindi magiging malinaw ang pagpili ng iyong sulat. Bahagi ka ng tama, ngunit magkaroon ng kamalayan na maaari mong makabuluhang taasan ang iyong mga pagkakataon at makakuha ng isang editor upang mai-publish ang iyong sinulat.

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Liham sa Editor**

1. Paghahanda na magsulat ng isang liham
   - Piliin ang iyong tema at iyong journal
   - marahil ay naghahanap ka ng mga sagot sa ilang mga katanungan.
   - Maaaring ito ay isang artikulo sa pahayagan mismo, ngunit maaari mo ring tingnan ang isang lokal na kaganapan o problema.
2. Simulan ang titik
   - Ito ang mga nauna nang na-address sa editor ng pahayagan na iyong Napili
3. Isulat ang liham
   - Ipahiwatig ang item na iyong tinugon
   - pagtukoy sa pangalan at petsa ng artikulo na pinag-uusapan
   - tandaan ang pangunahing ideya ng artikulong ito.
4. Basahin muli ang liham
   - Tanggalin ang mga hindi kaugnay na mga expression at mabulaklak na wika
   - Maging maikli at diretso sa punto
   - Alisin ang mga expression tulad ng "Sa tingin ko
5. Tapusin ang liham
   - Ipadala ang iyong sulat
   - elektronikong pagsumite
   - sa pamamagitan ng email o sa pamamagitan ng isang online submission system.

**Halimbawa ng isang liham sa editor**

MARAMING NAGREREBELDE DAHIL SA KAKULANGAN NG HUSTISYA

Dear Editor,

Nabasa ko ang inyong editoryal kahapon na may titulong "Walisin Lahat ng Hoodlums na nasa Kasuotang Panghukom." (PSN, Dec. 9, 2005 issue) at umaayon ako sa inyong paninindigan na kaya maraming nagrerebelde ay dahil hindi nakakamit ang hustisya. Ang mga tiwali, abusado at tamad na hukom ang dapat sisihin kung kaya may nagrerebelde. Tama rin naman si Justice Artemio Panganiban na ang mga hukom na may ganitong masamang reputasyon ay dapat inaalis sa puwesto. Hindi sila kailangan sa hudikatura.

Marami ang naghahangad ng hustisya subalit hindi nila makamtan. Tambak ang mga kasong hindi maaksiyunan ng mga hukom sapagkat naghihintay sila ng perang pampadulas. Mas masahol pa nga sila sa mga kriminal na kanilang sinisentensiyahan. Dapat nga silang walisin para hindi tularan. Napakaganda ng inyong editoryal.

Mr. Francisco Landayan
Pi y Margal St., Sampaloc, Manila



# Pagyamanin

Opps! Palalawakin pa natin ang iyong kaalaman kaibigan. Kayang kaya mo to! Sa pamamagitan ng mga pagsasanay, matutuhan mo ang pagsusulat ng isang ulat balitang pang isports at liham sa editor. matutuhan mo ang pagsusulat ng isang ulat balitang pang isports at liham sa editor.

**Pagsasanay 1**

Panuto: Bumuo ka ng isang ulat gamit ang mga detalyeng mababasa sa loob ng kahon sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| ENROLMENT SINIMULAN NA |
|---|
| Nagsimula ang enrolment Hulyo15-30 ,2020<br>Bag-ong Valencia Elementary School<br>Nagpaenrol- Grade I to VI<br>Greg Reyes, punungguro sa paaralan<br>Unang araw – kaunti ang mga nagpa- enrol<br>Huling araw dumagsa ang mga nagpaenrol<br>Humigit kumulang 300 bata ang naenrol |

**Pagsasanay 2**

Panuto: Basahin ang talata. Gumawa ng isang balitang pang isports sa pamamagitan ng pagsunod- sunod ng mga talata ayon sa wastong ayos sa pagsulat ng balitang pang isports.

| |
|---|
| 1. Sa kaniyang Twitter account, pinasalamatan ni Diaz ang kaniyang mga magulang at mga nagdasal para sa kaniya. Ito na ang ikatlong bronze medal ni Diaz sa naturang paligsahan na una niya ring kinuha noong 2015 at 2017. Naka-gold medal naman si Diaz sa Asian Games noong 2018. Umaasa si Diaz na makakapasok siya sa 2020 Olympics na gaganapin sa Tokyo, Japan. |
| 3. Nagkampeon naman ang Chinese weightlifter na si Liao Qiuyun, habang silver ang nakuha ng kababayan niyang si Zhang Wangiong |
| 2. Hidilyn Diaz nagwagi ng bronze sa World Weightlifting Championship<br>MANILA - Nakamit ni Olympic Silver Medalist Hidilyn Diaz ang bronze medal sa ginanap na 2019 World Weightlifting Championship sa Pattaya, Thailand. Matapos magtala ng 93 kilogramo sa snatch category, nagtala ng 121 kilogramo sa clean and jerk category si Diaz para makahabol sa bronze medal. |

**Pagsasanay 3**

Panuto: Sumulat ng isang liham sa editor tungkol sa editoryal sa ibaba. Huwag kalilimutang ilagda ang iyong buong pangalan at tirahan.

**Hindi drayber ang siyensya**

Maraming nagtatanong ngayong dumalaw ang Typhoon Rolly sa bansa, " Nasaan Ang Pangulo?" Sabi ni Presidential Spokesperson Harry Roque, nagmomonitor daw mula sa Davao si Presidente Rodrigo Duterte.

Mukhang kampante ang Presidente dahil ang may hawak ng manibela ay ang mga dating militar – ang tinatawag niyang "mga sundalo ko." 2018 pa lang, ipinaubaya na ni Duterte ang pagpapalakad ng 1/3 ng gobyerno sa mga dating militar.

Ito ang militar na kalimitan ay shock and awe ang sagot sa pandemya. Ito ang mga heneral na gustong damputin ang mga asymptomatic na pasyente mula sa kanilang mga tahanan at sapilitang dalhin sa mga isolation buildings. Sa kabilang banda, ang mga bansang matagumpay na nakakontrol sa kanilang pandemya ay 'yung mga nagtalaga ng mga sibilyan at health experts tulad ng Vietnam at Singapore.



# Isaisip

Matapos nating pag-aralan ang tungkol sa pagsulat ng isang ulat, balitang pang isport at liham sa editor , alam kong handang-handa ka na para sagutin ang sumusunod. Kopyahin mo sa iyong sagutang papel ang talahanayan sa ibaba at sagutin ito. Husayan mo!

| ANO ANG IYONG MGA NATUTUHAN? | GAANO ITO KAHALAGA? |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |



# Tayahin

Mahusay kaibigan at naabot mo ang bahaging ito. Ngayon ay pumili ka ng isa sa mga pagsasanay na nasa ibaba. Gawing gabay ang sumusunod na rubric. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel. Tandaan ito ay 10 puntos kaya't galingan mo !

| Pagsasanay 1 | Pagsasanay 2 | Pagsasanay 3 |
|---|---|---|
| Panuto: Sumulat ng ulat tungkol sa isang pangyayaring naganap sa inyong lugar. gabay ang rubrik sa ibaba. | Panuto: Bumuo ng isang balita na may mahalagang tuntunin sa wastong pagsulat ng balitang pang-isport. | Panuto: Sumulat ng isang liham sa editor. Huwag kalilimutang ilagda ang iyong buong pangalan at tirahan |

| **Rubrika Sa Pagsulat ng Ulat, Balitang Pang -isports at Liham sa Editor** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nilalaman<br>- Pagsunod sa uri at anyong hinihingi<br>- Lawak at lalim ng pagtatalakay | | | | | |
| Balarila<br>- Wastong gamit ng wika/ salita<br>- Baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap. | | | | | |
| Organisasyon<br>- Lohikal na pagkakaayos/ daloy ng mga ideya.<br>- Pagkakaugnay ng mga ideya. | | | | | |

# Karagdagang Gawain



Kaibigan, narito ka na sa panghuling bahagi ng ating aralin. Para lubos nating matapos ang ating aralin ay gawin mo muna ang gawain sa ibaba. Sumulat ng isang balitang napakinggan sa radyo o telebisyon.Tandaan ang mga hakbang at mungkahing mga paraan sa pagsulat nito.



## Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**

Depende sa sagot ng mga bata (1-

**TUKLASIN**

Depende sa sagot ng mga mag-aaral (1-10)

**PAGYAMANIN:**

**Pagsasanay 1( 10 puntos )**

Depende sa sagot ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng iskor.

**Pagsasanay 2 ( 10 puntos )**

1. Talata 2
2. Talata 3
3. Talata 1

**Pagsasanay 3 (10 puntos )**

Depende sa sagot ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng iskor.

**TAYAHIN:**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng iskor

**Karagdagang Gawain:**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng iskor

# Sanggunian


"MISOSA paggamit ng sugnay na di-makapag-iisa/opinyon at katotohanan/liham sa editor." Accessed December 2020. http://www.lrmds.depedldn.com/DETAIL/6853.HTM.

Department of Education. *Most essential learning competencies.* Philippines: Department of Education, 2020.

Ortiz, Allan. "PAgsasaling-wika." Accessed December 2020. www.slideshare,net mobile allanortiz.